



Manila International Airport (MIA)

Human Rights Impact Assessment – Non-technical summary

XXXX-IPT-AA-XXX-NNNN | NN

November 24, 2022

San Miguel Aerocity Inc. (SMAI)

Kasaysayan at Antas ng Dokumento

Pagbagago	Petsa	Paglalarawan	May-akda	Nagsuri	Nagpatibay
1	04/14/2022	First draft for client review	L Skule	L Stone S Lin	L Stone J Steele
2	04/21/2022	Address client comments	L Skule	L Stone	J Steele
3	05/26/2022	Migration of content to SMAI template	L Skule L Stone	H Mills S Lin	J Steele
4	11/24/2022	Minor amendment	L Stone	S Lin	J Steele



Mga Nilalaman

1. Panimula	3
1.1. Pangkalahatang-ideya ng Proyekto	3
1.2. Ano ang Proyekto?	3
1.3. Saan ang Proyekto?	3
1.4. Ano ang mga karapatang pantao at bakit kailangang tasahin ang mga epekto nito?.....	5
1.5. Ano ang layunin ng dokumentong ito?	5
2. Ang proseso ng pagtatasa ng mga karapatang pantao.....	6
2.1. Ano ang prosesong pinagdaanan sa pagtatasa ng mga epekto sa karapatang pantao?	6
2.2. Ano ang kasalukuyang umiiral na kalagayan?	6
2.3. Nagkaroon ba ng pakikipag-ugnayan ang mga stakeholders pagdating sa mga isyu tungkol sa karapatang pantao?	7
2.4. Naglabas ba ang mga stakeholder ng mga isyu na may kaugnayan sa karapatang pantao?	7
3. Mga natuklasan ng HRIA.....	9
3.1. Anu-ano ang mga epektong natukoy sa HRIA?	9
3.2. Ano ang mga hakbang para sa mitigasyon	11
3.3. Pamamahala sa mga nababagong isyu sa karapatang pantao	14
3.4. Paano ipapatupad ang mga mitigasyon?	15
3.5. Pagtatapos	Error! Bookmark not defined.
4. Paano ko malalaman ang iba pang impormasyon ukol sa Proyekto?	17
5. Paano ako makapagbibigay ng aking opinyon?	18
Apendiks A. Grievance registration form	19

1. Panimula

1.1. Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

Ang New Manila International Airport (NMIA) o ang 'Proyekto' ay isang proyektong imprastraktura pang-kaunlaran na naglalayong bumuo ng bagong paliparan upang tugunan ang tumataas na pangangailangan ng kalakhang Maynila at ng mga karatig nitong probinsya bilang pagsuporta sa daloy ng trapikong panghimpapawid na kasalukuyang nagsisiksikan sa Manila Ninoy Aquino International Airport. Ang Proyekto ay matatagpuan sa Bulakan, Bulacan, 35 kilometro hilaga ng Maynila at ipinapatupad/iniimplemento ng San Miguel Aerocity Inc. (SMAI).

Sa pagpapatupad ng Proyekto, ang pondo ay manggagaling mula sa mga bangkong internasyonal na nagpapatupad ng mga itinakdang pamantayan kaugnay ang pang-kapaligiran at pang-lipunang pagganap nito. Kinakailangang ilahad ng Proyekto ang lahat ng pang-kapaligiran at pang-sosyo-ekonomikong panganib na dulot nito, pati na rin iyong mga natukoy na may kinalaman sa karapatang pantao alinsunod sa pamantayang internasyonal at mabuting kasanayan.

1.2. Ano ang Proyekto?

Ang Proyekto na binubuo ng SMAI ay naglalayong matugunan ang pagsisikip ng trapiko sa himpapawid sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) at magbigay ng bagong paliparang pandaigdigang na mayroong sapat na kapasidad upang mapunan ang pangangailangan sa trapikong himpapawid sa darating na panahon. Ang kabuuan ng NMIA ay magkakaroon ng iba't ibang yugto kung saan ang pangunahing kapasidad nito ay may katumbas na 35 milyong pasahero kada taon hanggang sa kayanin nito ang 100 milyong pasahero kada taon. Ang komersyal na operasyon nito ay inaasahang magsisimula sa 2027.

Ang saklaw ng Human Rights Impact Assessment (HRIA) at nitong Non-Technical Summary (NTS) ay ang sakop na lupain kung saan bubuuin ang Proyekto (pinagbubuang lupa at *footprint* ng paliparan) pati na rin ang pagbubuan at kalalagyan ng paliparang may 35 Million Annual Passengers (MAP) na kapasidad. Kasama rito ang mga sumusunod na konstruksyon at pagsasagawa:

- **Construction**
 - Paglilinis o paglinis/ pagtanggap ng mga sagabal sa lupa, pagbuo ng lupain, at pagpapakumpuni ng lupa
 - Pagbuo ng pansamantalang pasilidad na maaaring paglagakan para sa pagpapadala at sa pagpapalawak ng ilog sa paligid ng Paliparan
- **Operation and Maintenance**
 - Pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga pasilidad ng paliparan
 - Mga paggalaw ng sasakyang panghimpapawid
 - Mobilasyon ng mga tauhan
 - Mga kaugnay na daloy ng trapiko (mga daan, at iba pang paraan ng transportasyon)

Hindi kasama sa NTS na ito ang buod na HRIA na isinagawa ng Enterprise Risk Management (ERM) sa ngalan ng Boskalis Philippines Inc. (BPI) para sa mga offshore na salik ng Proyekto, kasama ang *access channel, offshore disposal site and sand winning area*.


1.3. Saan ang Proyekto?

Ang NMIA ay matatagpuan sa Barangay¹ Bambang at Barangay Taliptip sa munisipyo ng Bulakan, probinsya ng Buacan, sa rehiyon ng kalakhang Maynila, Pilipinas. Ang Proyekto ay isasakatuparan sa loob ng isang 2,565 ektaryang *mixed-use development* na lupain. Ang paliparan ang magiging pangunahing bahagi ng Proyekto at inaasahang gagamit ng tinatanyang 1,700 ektarya. Ang natitirang bahagi ay ilalaan para sa iba pang kaugnay na pasilidad at mga isusulong para sa Proyekto.

¹ Ang barangay ang pinakamaliit na sangay administratibo sa Pilipinas.



Map 1-1: Project Overview



Source: Mott MacDonald (2022)

1.4. Ano ang mga karapatang pantao at bakit kailangang tasahin ang mga epekto nito?

Ang mga karapatang pantao ay likas, unibersal, at pangunahing karapatan at kalayaan na pagmamay-ari ng bawat tao. Ito ay nagbibigay proteksyon sa mga indibidwal at mga grupo laban sa mga gawaing makasasagabal sa mga pangunaing kalayaan at dignidad ng tao.² Ang mga karapatang pantao ay:

- Unibersal at hindi maiaalis, ito ay lapat sa lahat ng mga tao
- *Interdependent*, hindi nahihwalay, at walang nakatataas o nakababa sa pagitan ng bawat karapatang pantao; ang pagpapabuti ng isang karapatan ay nagtataguyod ng iba pa, at gayundin kung ang pag-alis ng isang karapatan ay nakaaapekto sa iba.
- Pantay at hindi namimili o walang pinapanigan; lahat ng karapatang pantao ay tinatamasa ng bawat isa nang pantay-pantay anuman ang nasyonalidad, pook ng tirahan, kasarian, etnikong pinagmulan, kulay, relihiyon, wika, o anumang katayuan.

Ang United Nations³ at ilan pang mga internasyonal na tagapagpahiram na pinansyal ay nangangailangan na isaalang-alang ang epekto sa karapatang pantao kapag inilalatag ang malalaking proyektong pang-imprastruktura, gaya na lamang ng proyektong ito. Upang matugunan ang pangangailangang ito, isang Human Rights Impact Assessment (HRIA) ang isinagawa na may sumusunod na saklaw at mga layunin:

- Tukuyin ang mga kapansin-pansing epekto sa karapatang pantao na mapanganib at delikado dulot ng mga gawain ng Proyekto.
- Tasahin ang mga karapatang pantao alinsunod sa internasyonal na balangkas at gabay sa mga mabuting kasanayan.
- Tukuyin ang pamamahala sa karapatang pantao at mga hakbang upang maiwasan at mabawasan ang mga dulot nitong panganib.
- Magbigay ng mga hakbang upang mapangalagaan at mapadali ang makabuluhang pakikipag ugnayan sa mga apektadong komunidad at manggagawa.

Ang HRIA ay bahagi ng Environmental and Social (E&S) Impact Assessment (ESIA) ng Proyekto kung saan inilalarawan nito ang mahahalagang isyung pang-kapaligiran at panglipunan na maaaring lumitaw, at ang mga paraang isasakatuparan upang mapagaan ang kalubhaan ng mga natukoy na epekto. Mahalagang pamahalaan ng E&S ang mga isyu sa karapatang pantao habang maaga pa. Ang saklaw ng HRIA na isinuma sa dokumentong ito ay naiuugnay lamang sa land formation site (land development / airport footprint) para sa pagtatayo ng pasilidad ng airport at operasyon nito. Isang hiwalay na HRIA at pagsusuri sa epektong pang-kapaligiran at panglipunan ang isinagawa upang masakop ang *access channel*, *offshore disposal site*, at *sand winning area*. Ang HRIA ay unang hakbang sa pagbuo ng isang komprehensibong istrategiya upang mapangasiwaan ang karapatang pantao sa kabuuan ng Proyekto at sa bawat yugto nito.

1.5. Ano ang layunin ng dokumentong ito?

Ang HRIA ay bahagyang tinukoy ng mga ginawang pag-sangguni,⁴ upang unawain ang pananaw at mga alalahanin ng mga *stakeholders*. Ang NTS na ito ay kumakatawan sa mga susunod na hakbang at proseso ng pakikipag-ugnayan na syang nagbubuod sa proseso at mga resulta ng HRIA. Ang mga hakbang na natukoy sa pamamagitan ng HRIA upang maiwasan o mabawasan ang mga epekto sa karapatang pantao na may kinalaman sa *land formation site* ay inilalahad din sa NTS na ito. Ang Proyekto ay tumatanggap ng mga tugon sa dokumentong ito. Ang ilan pang impormasyon at mga paraan upang makipag-ugnayan sa Proyekto ay matatagpuan sa seksyong 4 at 5.

² The Danish institute for Human Rights - [Report \(humanrights.dk\)](#)

³ UN Human Rights (2011): 'Guiding principles on business and human rights' Available at: [guidingprinciplesbusinesshr_en.pdf \(ohchr.org\)](#)

⁴ The HRIA has been informed by the Equator Principles IV, International Bill of Human Rights, International Labour Organisation's core labour standards, the Dhaka Principles for Migration with Dignity and UN Human Rights treaties and other international standards.

2. Ang proseso ng pagtatasa ng mga karapatang pantao

2.1. Ano ang prosesong pinagdaanan sa pagtatasa ng mga epekto sa karapatang pantao?

Ang saklaw ng HRIA

Ang mga epekto sa karapatang pantao ay maaaring magbago ng saklaw at antas batay sa kung saan magaganap ang epekto at kung sino ang maapektuhan. Kabilang dito ang lugar ng Proyekto, mga nakapaligid na munisipalidad, at kung minsan, dulot na rin ng katangian ng Proyekto, maaring masama ang iba pang lalawigan at ang buong Pilipinas.

Mga batayan ng baseline na impormasyon

Isang hanay ng datos ang ginamit upang tukuyin ang mga kasalukuyang umiiral na isyung pang-karapatang pantao sa lugar ng Proyekto at sa paligid nito. Ang datos na ginamit ay:

- Mga *self-assessment questionnaires* na sinagutan ng mga tauhan ng Proyekto.
- Mga pagsangguni sa *external stakeholders* na maapektuhan ng Proyekto sa pamamagitan ng mga *focus groups* at mga panayam/interbyu.
- Mga impormasyonsa mga karapatang pantao na natukoy sa nasyonal at lokal na lebel na nakapaloob sa mga ulat ng gobyerno at non-governmental organizations (NGOs).
- Mga polisiya at plano ng San Miguel Corporation.

Pagtatalaga ng kalubhaan sa mga natukoy na epekto

Ang mga natukoy na epekto sa karapatang pantao ay sinuri ayon sa kalubhaan upang ang pamamahala nito ay mabigyan pansin ay maiprayeridad. Ang kalubhaan ng mga natukoy na epekto at panganib ay tinukoy sa mula sa 1 hanggang 5 na eskala, kung saan ang 5 ay nangangahulugang pinakamalubha. Ang kalubhaan ng mga epekto/panganib ay tinukoy sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sumusunod na salik:

- Antas (kalubhaan ng epekto).
- Saklaw (bilang ng mga taong apektado).
- Kakayanang malutas – kakayanan ng Proyekto na ibalik ang karapatan ng naapektuhang indibidwal hanggang sa kanilang kalagayan bago pa man ang epekto.
- Pagsaalang-alang sa kahinaan ng mga may karapatan na naapektuhan ng Proyekto.

2.2. Ano ang kasalukuyang umiiral na kalagayan?

Ang mga pangunahing hamon sa lipunan na maaring magpalala ng mga isyu sa karapatang pantao sa Pilipinas ay ang kahirapan at kawalan ng trabaho, limitasyon sa kalayaan sa pagsasalita, mga pang-aabuso sa karapatan ng manggagawa, mga panganib sa karahasan, kawalan ng seguridad, hadlang sa pagkuha sa mga pangunahing serbisyong pampubliko tulad ng edukasyon o disentang pabahay, at estruktural na diskriminasyon sa mga bulnerableng grupo. Kabilang sa mga bulnerableng grupo ang mga kababaihan, mga bata, mga may kapansanan, mga mahihirap, mga biktima ng *human trafficking* at mga taong nagtatrabaho sa impormal na sektor. Ang Pilipinas ay nasa ika-104 na bilang sa 162 na mga bansa ayon sa 2019 Gender Equality Index.⁵ Ang gender-bases violence (GBV)⁶, pati na rin ang diskriminasyon, *harassment*, at prostitusyon ay patuloy na mga issue.

Ang mga salik na may kaugnayan sa Proyekto na dapat isaalang-alang sa konteksto ng karapatang pantao ay kinabibilangan ng mga isyu sa karapata ng manggagawa gaya ng diskriminasyon, kakulangan sa trabaho, seguridad sa trabaho, at hindi magandang mga kalagayan sa trabaho.

⁵ UNDP (2020): 'The Next Frontier: Human Development and the Anthropocene: Philippines' Available at: PHL.pdf (undp.org)

⁶ Gender-Based Violence (GBV) refers to harmful acts directed at an individual based on their gender. It is rooted in gender inequality, the abuse of power and harmful norms. GBV is a violation of human rights.

Karaniwang iniuulat ang sapilitang paggawa sa Pilipinas sa mga industriya ng pangingsda, konstruksyon, maliliit na pabrika, serbisyo sa tahanan, agrikultura, at impormal na sektor. Ang mga kababaihan, mga bata, at maralitang taga-lungsod ay maaaring samantalahin sa mga tuntunin ng kanilang karapatan at kondisyon sa pagtatrabaho kabilang na ang suweldo, oras sa pagtatrabaho, kalusugan, at kaligtasan. Ang mga manggagawa ay kumakaharap ng ilan pang dagdag na pagsubok sapagkat ang karapatang bumuo o sumali sa mga unyon ng manggagawa ay maaaring hindi protektado. Ang karaniwang panganib sa mga proyektong pangkaunlaran ay kung paano kontrolin ang mga isyu sa karapatang pantao sa loob ng *supply chain*.

Ang batayan nang kontekstong panlipunang ito ay nagpapahiwatig ng potensyal na magpalala ng panganib sa karapatang pantao dulot ng Proyekto sa yugto ng pre-construction, konstruksyon, at operasyon. Ang mga *stakeholders* na maaaring maapektuhan ng Proyekto ay kinabibilangan ng mga mangagawa sa konstruksyon, paliparan at *supply chain*, mga lokal na komunidad na pinalipat, mga gawain para sa pagtatayo at operasyon ng paliparan, mga komunidad ng mangingsda na maaring kumaharap sa pagkagambala sa kanilang hanapbuhay, at mga gumagamit ng paliparan.

2.3 Nagkaroon ba ng pakikipag-ugnayan ang mga stakeholders pagdating sa mga isyu tungkol sa karapatang pantao?

Ang makabuluhang konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa mga posibleng maapektuhang grupo at iba pang nauugnay na stakeholder ay isinagawa upang maunawaan ang mga maaaring maging epekto ng Proyekto sa karapatang pantao. Noong Oktubre 2020, sa ngalan ng SMAI, kinonsulta ni Mott MacDonald ang Munisipyo ng Bulakan at ang mga Barangay ng Talipit at Bambang upang ipaalam ang saklaw ng ESIA. Ang mga konsultasyon at pagkakasiyasat ay isinagawa din noong Nobyembre 2020 kasama ang mga awtoridad ng barangay, lokal at rehiyonal na opisyal ng pamahalaan, at mga lokal na sambayanan. Noong 2021, ibinahagi ng SMAI ang impormasyon ng Proyekto sa pamamagitan ng mga aktibidad sa konsultasyon para sa pambansang pagtatasa ng epektong pang-kapaligiran. Kabilang dito ang mga kampanyang pang-kaalaman at mga kaganapan para sa konsultasyon sa komunidad.

Upang ipaalam ang HRIA, isang *subconsultant* (Apercu) ang kumonsulta sa maapektuhang *stakeholder* gamit ang pambansang wika (Filipino o Ingles), upang maunawaan ang kanilang mga alalahanin. Ang mga *focus group* at panayam/interbyu na isinagawa ay nakikibahagi sa mga apektadong komunidad, kabilang ang mga mangingsda, magsasaka, at kababaihan pati na rin ang mga kinatawan mula sa mga paaralan, NGO, mga unyon ng manggagawa, at mga organisasyong panrelihiyon. Pangunahing isinagawa ang mga panayam nang harap-harapan kung saan praktikal, ligtas, at alinsunod sa mga mga protocol na nauugnay sa COVID-19, at kung hindi maari, ang mga panayam ay ginawa online.

2.4 Naglabas ba ang mga stakeholder ng mga isyu na may kaugnayan sa karapatang pantao?

Table 2.1 ay naglalahad ng mga isyung may kinalaman sa karapatang pantao na nabanggit noong pampublikong konsultasyon na isinagawa noong 2020 upang ipagalam ang ESIA.

Table 2-1: Buod ng mga isyu ukol sa mga karapatang pantao na isinulong ng mga stakeholders noong pansaklaw na pakikipanayam ng ESIA

Buod ng Isyu	Tugon ng Proyekto
Paghingi nang mga <i>update</i> sa Proyekto na ipaaalam sa mga <i>stakeholder</i> .	Mga gawain, epekto at iskedyul ng konstruksyon ay patuloy na ipapabatid bilang bahagi ng proseso ng Proyekto at makabuluhang pakikipag-ugnayan sa <i>stakeholder</i> .



Mga pagpapatupad ng mga hakbang sa kalusugan at kaligtasan sa mga pampublikong kalsada.	Inilalahok ng HRIA ang mga pang-kapaligiran at panlipunang epekto ng Proyekto at ipinapaalam ang pagsasagawa ng isang tiyak na pamamaraan ng pagsupil o pagpapagaan ng mga hindi kanaisnais na epekto ng Proyekto.
Ang mga lokal na residente ay dapat bigyan ng prayoridad sa mga oportunidad sa <i>recruitment</i> .	Isinasaalang alang ng pagsusuri ang mga karapatan ng vulnerable at mga grupong nasa laylayan upang magsulong ng pantay-pantay na mga oportunidad.
Pangamba ukol sa pagtaas ng mga lumilipat sa lugar at pagtaas ng kumpetisyon sa mga mahahalagang serbisyo.	Ang HRIA ay nagsusuri ng mga karapatang pantao na may kaugnayan sa access ng mga tao sa mga pangunahing serbisyo at matukoy ang mga paraang makapagpapagaan sa hindi kanaisnais na epekto sa pagdagsa ng mga tao sa lugar ng Proyekto.
Mayroong ilang mga pangamba mula sa mga kabahayang apektado ng pagkuha ng lupa na hindi sapat ang natanggap nilang kabayaran, gayunpaman, nalaman sa kalaunan na hindi ito ang kaso.	Bilang bahagi ng proseso ng konsultasyon ng HRIA, ang mga aspeto ng pagkuha at pagbili ng lupa ay tinalakay sa mga <i>stakeholder</i> . Isang pagsusuri sa pagbili ng lupa ang isinagawa at ang kaugnay nitong ulat ay inihanda upang masunaybayan ang lagay ng kabayaran.
Mga inaasahan sa pagpapanumbalik ng kabuhayan at pantay na mga oportunidad sa trabahong makukuha. Ang ilan sa mga na- <i>survey</i> na komunidad ay naniniwala na ang Proyekto ay magdadala ng mga positibong epekto sa kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng karagdagang trabaho, kita, at industriyalisasyon.	Itinatampok ng HRIA ang mga karapatan ng vulnerableng grupo at lokal na populasyon, at tinutukoy nito ang mga pamamaraan para makatulong sa pamamagitan ng pagbuo ng mga plano sa pagpapanumbalik ng kabuhayan, estratehikong plano sa pamumuhunan ng komunidad, plano sa lokal na <i>hiring</i> at mga programa ng mga korporasyon para sa lipunan bilang bahagi ng pagpapanumbalik ng kabuhayan upang palakasin ang lokal na manggagawa at makatulong sa pagpapalawak ng mga kapasidad ng mga tao.
Ang mga oportunidad sa pagpapaunlad ng komunidad ay dapat nakatuon sa pagsasanay sa mga kabuhayan para sa mga vulnerableng grupo.	Isinasaalang-alang ng HRIA ang mga karapatan ng mga kabataan, kababaihan, at mga lokal na kabuhayan, at tinutukoy nito ang mga pagkakataon upang bumuo ng mga kasanayan na maisasakatuparan sa pamamagitan ng Proyekto.

3. Mga natuklasan ng HRIA

3.1. Anu-ano ang mga epektong natukoy sa HRIA?

Ibinubuod ng Table 3.1 ang mga maaaring maging epekto sa karapatang pantao na tinukoy sa pagsusuri.

Table 3-1: Mga natukoy na epekto sa karapatang pantao

Kaugnay na karapatang Epekto pantao

Pre-mitigation severity: 4

Karapatang maka-access sa remedyo	Mahirap para sa mga tao na ipahayag ang kanilang mga alalahanin sa konteksto. Karaniwan, pakiramdam ng mga apektadong tao ay hindi sila nabibigyan ng oportunidad upang makapagsalita. Maaari itong makaapekto sa mga hanay ng mga <i>stakeholders</i> kabilang ang mga taong inilipat o nawalan ng kabuhayan, mga miyembro ng komunidad, at bulnerableng manggagawa.
-----------------------------------	---

Karapatan sa ligtas at makataong seguridad	Ang seguridad sa mga paliparan ay kailangan upang maprotektahan ang mga pasahero, tauhan, at ari-arian. Gayunpaman, ang pagamit ng mga guwardiyang sibilyan o militar ay maaaring magdulot ng panganib sa karapatang pantao ng publiko at ng mga direktang apektadong komunidad.
--	--

Karapatan sa seguridad ng pagmamay-ari ng lupa at pagpapanatili ng kabuhayan	May mga taong inilipat mula sa kanilang mga tahanan at naapektuhan ang kanilang kabuhayan dulot ng Proyekto. Sa pamamagitan ng konsultasyon, natukoy na may ilang stakeholder na nagsabi na ang ilang epekto ng Proyekto ay hindi pa rin sapat na natutugunan.
--	--

Karapatan sa kalayaan at seguridad sa mga pandaigdigang hangganan	Ang pamamahala sa mga <i>detainee</i> sa pandaigdigang hangganan ay kinikilala bilang kinakailangan ngunit may kahirapan sa pagpapatupad nito at nangangailangan na isaalang-alang ang mga karapatang pantao sa ng lahat ng hakbang sa pamamahala ng mga hangganan.
---	---

Ang mga hindi pormal na migrante at mga bulnerableng grupo gaya ng mga biktima ng pangangalakal ng tao ay maaaring manganib sa sa mga pandaigdigang hangganan. Lahat ng mga grupo ay kinakailangan ituring nang patas at magalang.

Pre-mitigation severity: 3

Karapatan sa hindi mapagsamantalang hanapbuhay at kondisyon sa trabaho	<p>Sa mga malakihang proyekto kung saan maraming kontraktor ang kabilang, maaaring maging hamon ang pagtiyak na naisusulong ang mga karapatan ng mga manggagawa, lalo na sa mga bansang mahina ang pagpapatupad ng mga karapatang ito at kondisyon sa trabaho. Ang ilan sa mga panganib sa manggagawa sa kabuuan ng Proyekto ay maaring kinabibilangan ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kawalan ng mga kontrata para sa pagtatrabaho • Hindi malinaw o kawalan ng kasunduan ukol sa pagbabayad at bilang ng oras ng pagtatrabaho • Masama o mahinang kalagayan sa trabaho • Kawalan o hindi maayos na pagbabayad ng sahod
--	---

Kaugnay na karapatang Epekto pantao

- Sapilitang paggawa
- Pang-aabuso at diskriminasyon
- Karahasang batay sa kasarian

Karapatan sa ligtas at mabuting lugar ng trabaho at pamayanan

Ang trabaho sa lugar ng konstruksyon ay nagdudulot ng ilang panganib, lalo na ang mga aktibidad na isinasagawa sa dagat tulad ng paghuhukay. Nangangamba na baka magkaroon ng aksidente sa trabaho.

Sa panahon ng konstruksiyon, ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad ay maaaring lumitaw mula sa mga potensyal na aksidente sa kapaligiran, mga aksidente sa industriya, at mga aksidente sa trapiko.

Sa panahon ng operasyon, ang pagkakalantad sa matagal at mataas na antas ng ingay at *vibration* ay maaaring makaapekto sa pisikal at mental na kalagayan ng lokal na komunidad at mga manggagawa.

Ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad ay maaari ding maapektuhan ng mga potensyal na insidente ng polusyon at mga aksidente sa industriya na nakakaapekto sa pag-access sa tubig.

Ang mga aksidente na kasangkot ang mga sasakyang panghimpapawid ay may potensyal na magdulot ng mga panganib sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad, manggagawa, at mga pasahero.

Ang lugar sa paligid ng Proyekto ay maaaring magkaroon ng mga sitwasyong emerhensya gawa ng mga kaganapan sa paligid/kalikasan tulad ng pagbaha at lindol na mapanganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa, pasahero, at mga karatig na komunidad.

Karapatan ng mga *detainee* sa mga pangunahing serbisyo

Ang mga awtoridad sa paliparan at ang gobyerno ay dapat magbigay ng mahahalagang serbisyo tulad ng tubig, sanitasyon, paghahayag, pagkain at iba pang pangangailangan sa mga detainee at mga naghahanap ng *asylum*. Ang mga ito ay kailangang madaling makuha at may sapat na kalidad.

Bilang isang komplikadong proyektong pang-imprastruktura, ang NMIA ay may papel na ginagampanan sa paggalang sa mga karapatang pantao na ito sa pamamagitan ng paggawa ng mga naturang serbisyo na abot-kaya o ng naaangkop na pamantayan.

Pre-mitigation severity: 2

Karapatan sa pribadong impormasyon

Ang Proyekto ay gagamit ng mga datos habang konstruksyon at sa operasyon (kabilang na ang sa mga manggagawa, lokal nag a komunidad, at mga pasahero), na maaaring mag-resulta sa paglabag sa siguridad ng mga personal na impormasyon.

Karapatan sa *accessibility* at kawalan ng diskriminasyon

Kung ang disenyo ng paliparan at mga kaugnay nitong imprastruktura ay hindi naaayon sa mga itinakdang pamantayan, maaari itong magresulta sa diskriminasyon sa mga taong may kapansanan.

Kaugnay na karapatang Epekto pantao

Karapatan sa pakikilahok at kalayaan sa pagpupulong Ang mga pangangailangan ng kababaihan at mga bulnerableng grupo ay maaaring hindi napapansin sa mga nakaraang konsultasyon. Ito ay humahantong sa pagsisiwalat ng impormasyon at konsultasyon na hindi bukas sa pakikilahok ng iba at hindi nangangatawan sa lahat.

Pre-mitigation severity: 1

Karapatang makibahagi sa buhay kultural Ang Proyekto ay maaring makaapekto sa pag-access sa kultural na pamana dahil kakailanganin ang pagkuha ng lupa ng ilang relihiyoso at kultural na mga lugar tulad ng mga simbahan at kapilya.

3.2. Ano ang mga hakbang para sa mitigasyon?

Binubuod ng seksyong ito ang umiiral at iminungkahing remedyo, mitigasyon at mga hakbang sa pamamahala na itinalaga ng SMAI sa pamamagitan ng Proyekto upang igo ang mga karapatang pantao ng mga apektadong tao at ng publiko. Pagkatapos ng aplikasyon ng iminungkahing mitigasyon, wala sa mga natukoy na epekto ang mananatiling napakalubha (ibig sabihin, may natitirang kalubhaan na 4 o 5).

Table 3-2: Mga inihahaing pampagaan ng epekto

Mga kaugnay na epekto sa karapatang pantao	Kinakailangang mga hakbang at plano sa mitigasyon	Kalubhaan pagkatapos ng mitigasyon
Pre-mitigation severity: 4		
Karapatan maka-access sa remedyo <ul style="list-style-type: none"> Panganib ng limitadong pag-access sa paghahanap ng solusyon sa mga taong nanganganib, pilitang nililipat, at nawawalan ng trabaho. 	<p>Ang Proyekto ay nangangakong kikilos upang remedyohan nang walang pagkaantala kung saan mayroong natukoy na mga kaso ng mga pang-aabuso sa karapatan.</p> <p>Gagamitin ng Proyekto ang mga mekanismong itinakda ng SMC tungkol sa pagsusumbong ng karaingan ng manggagawa at komunidad upang itaguyod ang mga solusyon.</p>	1
Karapatan sa ligtas at makataong seguridad <ul style="list-style-type: none"> Ang pagkakaroon ng mga guwardiya at militar na walang angkop na pagsasanay ay maaaring makapanganib sa karapatang pantao. Panganib kaugnay ng seguridad ng Pilipinas. Hindi tamang pagsuri sa mga tauhan. 	<p>Magtatatag ng patakaran sa seguridad at sistema ng pamamahala upang mabantayan ang mga isyung pang-seguridad gaya ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> Responsableng pagkuha/pamimili ng empleyado. Mga alituntinin ng wastong pag-uugali ng mga manggagawa. Patakaran sa paggamit ng puwersa. Paglutas sa mga hinaing sa pamamagitan ng proseso sa paglaad ng reklamo. Pagsasagawa ng pagsusuri sa pagalang ng karapatang pantao ng mga karatig sa komunidad at mga gumagamit ng Paliparan. 	2
Ang maaring panganib sa kalayaan,		



Mga kaugnay na epekto sa karapatang pantao	Kinakailangang mga hakbang at plano sa mitigasyon	Kalubhaan pagkatapos ng mitigasyon
	kalusugan, at kaligtasan ay tutukuyin sa isang pagsusuri ng mga panganib at angkop na ipapatupad ang mga control.	
Karapatan sa seguridad ng pagmamay-ari ng lupa at pagpapanatili ng kabuhayan <ul style="list-style-type: none"> Pagkawala ng trabaho o tirahan at nauugnay na kompensasyon. Panganib sa <i>cash-based subsistence</i> na mga hanapbuhay. Tulong pang edukasyon na hindi natutuloy. 	<ul style="list-style-type: none"> Isang plano para sa pagpapanumbalik ng kabuhayan ang inihanda upang matukoy ang mga pamamaraan sa pagpapanumbalik at pagpapalawak ng mga kabuhayan at inisyatibo sa pagsasanay sa trabaho. Magsasagawa ng isang plano ng pagkuha/pagpili ng mga maaaring maging manggagawa mula sa lokal na komunidad. Ang pakikipag-ugnayan sa mga apektadong komunidad ay magpapatuloy sa kabuuan ng Proyekto. 	3
Karapatan sa kalayaan at seguridad sa mga pandaigdigang hangganan <ul style="list-style-type: none"> Pagsasalagay sa panganib ng mga irregular na migrante at mga bulnerableng grupo Ang mga biktima ng pangangalakal ng tao ay maaaring mapiit sa mga <i>border</i> o dumanas ng mga hakbang na nakaka-disrskimina 	<p>Maraming mga aspeto ukol sa mga karapatan ng mga nasa piitan ang lingid na sa control ng Proyekto. Gayunpaman, ang disenyo ng paliparan ay maaaring sumuporta sa porteksyon ng kanilang mga karapatan. Ang disenyo nito ay magiging batay sa internasyonal at pandaigdigang antas.</p> <p>Makikipagtulungan ang SMAI sa gobyerno, ahensya ng nagpapatupad ng batas, organisasyon ng abyasyon, mga <i>airlines</i>, at mga <i>supplier</i> nito upang maiwasan ang pangangalakal ng tao.</p> <p>Ang mga proseso sa pagpapalabas ng mga hinaing, <i>whistleblowing</i>, pagsusuri at pagsasanay ng mga empleyado at mga proseso ng pagdidisiplina ay itatatag kasama ng <i>operator</i> upang tiaykin ang mabuting pamamahala.</p>	2
Pre-mitigation severity: 3		
Karapatan sa hindi mapagsamantalang hanapbuhay at kondisyon sa trabaho <ul style="list-style-type: none"> Mga paglabag sa mga karapatan ng manggagawa. 	<p>Pamamahalaan at papagaanin ng SMAI ang mga panganib sa pamamagitan ng mahusay na internasyonal na mga patakaran ng <i>Human Resources</i> (HR), mga pangako sa paggawa, at mga hakbang sa pamamahala na ipinapahiwatig sa lahat ng mga <i>contractor</i> sa konstruksyon.</p> <p>Ang mausisang pagsubaybay at kung saan kinakailangan, ang pagpapalano para sa pang-wasto/pagtataguyod ng kakayanan ay sasangayon sa mga kasanayang internasyonal.</p> <p>Ang mga panganib sa <i>supply chain</i> ay pamamahalaan sa pamamagitan ng angkop</p>	2

Mga kaugnay na epekto sa karapatang pantao

Kinakailangang mga hakbang at plano sa mitigasyon

Kalubhaan pagkatapos ng mitigasyon

na pagsusuri at patuloy na pagsubaybay sa mga *supplier*.

Pagbuo at pagpapatupad ng mga plano/patakarang sa pamamahala na may kaugnayan sa tirahan ng mga manggagawa, kondisyon sa trabaho, kalusugan at kaligtasan, pang-aabuso/diskriminasyon, at kalayaan sa paggalaw.

Mga hakbang para pataasin ang partisipasyon ng kababaihan sa hanay ng mga manggagawa at protektahan ang kababaihang nagtatrabaho sa loob ng Proyekto, kabilang ang pagbuo ng mga patakarang ukol sa karahasan at harassment na nakabatay sa kasarian.

Karapatan sa ligtas at mabuting lugar ng trabaho at pamayanan

- Mga panganib sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ng mga manggagawa.
- Mga posibleng aksidente sa kapaligiran at industriya na maaaring makaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad.
- Access ng komunidad sa tubig.
- Mga aksidenteng kinasasangkutan ng mga sasakyang panghimpapawid.
- Mga maaaring epekto sa kapaligiran tulad ng pagbaha at lindol sa mga manggagawa, bisita at komunidad.

Mga konsiderasyon sa kaligtasan ay isasama 2 sa disenyo ng Proyekto.

Isasagawa ang isang komprehensibong plano ukol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho kung saan ipatutupad ang mga hakbang na magpapagaan sa bantang panganib na sang ayon sa mga mabuting kasanayan.

Paniniguraduhin nang SMAI na lahat ng tauhan nito ay sumailalim sa pagsasanay tungkol sa mga pangunahing karapatang pantao at mga paksa ukol sa pagpapanatili ng kaligtasan. Ang mga hanay ng manggagawa ay susunod sa mga alituntunin ukol sa wastong pag-uugali na naaangkop sa lahat ng *subcontractor/service provider*.

Bumubuo ang SMAI ng *stakeholder engagement plan* na maglalahad ng mga patakarang sa pagpapalaganap ng kalusugan at kaligtasan ng komunidad at sistematikong pamamaraan ng pagresolba ng mga hinaing mula sa komunidad.

Karapatan sa mga pangunahing serbisyo

- Ang mga *detainee* at naghahanap ng *asylum* ay may access sa tubig, sanitasyon, tirahan, pagkain, at kalusugan.

Ang Proyekto ay nakikipagtulungan sa mga tagapayo sa disenyo at mga ahensya ng gobyerno upang matiyak na ang mga pangunahing serbisyong probisyon sa mga hangganan, mga pasilidad ng paliparan at mga piitan, kabilang ang tirahan, pagkain, kalinisan, tubig at pangangalagang pangkalusugan ay naaayon sa internasyonal na pamantayan. 1

Karapatan at kasiguruhan sa pribadong impormasyon

- Ang mga personal na

Ang Proyekto ay magpapatupad ng isang patakarang sa seguridad ng *data* upang tiyakin na ang pagpapamahala ng personal (pisikal at elektronikong) data na may mga proteksiyong 1

Mga kaugnay na epekto sa karapatang pantao	Kinakailangang mga hakbang at plano sa mitigasyon	Kalubhaan pagkatapos ng mitigasyon
<p>impormasyon ay wasto at ligtas na napapaamahalaan at napoproseso.</p> <ul style="list-style-type: none"> Panganib ng mga paglabag sa seguridad ng <i>data</i> at <i>cyber-attacks</i>. 	nauugnay sa lahat ng manggagawa at mga <i>stakeholder</i> .	
<p>Karapatan sa accessibility at kawalan ng diskriminasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> Ang imprastrakturang hindi <i>accessible</i> ay nagpapakita ng diskriminasyon sa mga taong may kapansanan at may pangangailangan sa pagkilos. 	Isasama ng SMAI ang mga pangangailangan sa <i>accessibility</i> ng mga gumagamit ng paliparan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga internasyonal at pambansang patakaran at mga alituntunin sa mahusay na pamantayan sa yugto ng disenyo at sa buong operasyon ng paliparan.	1
<p>Karapatan sa pakikilahok at kalayaan sa pagpupulong</p> <ul style="list-style-type: none"> Ang mga pangangailangan ng kababaihan at mga bulnerableng grupo ay maaaring hindi napapansin sa mga nakaraang konsultasyon. 	Bumubuo ang Proyekto ng isang plano sa pakikipag-ugnayan sa mga <i>stakeholder</i> upang mapalaganap ang aktibong partisipasyon ng mga kababaihan at mga bulnerableng grupo sa konsultasyon.	2
<p>Karapatang makibahagi sa buhay kultural</p> <ul style="list-style-type: none"> Ang pagbili ng lupa na kinapapalooban ng mga relihiyoso at kultural na lugar, tulad ng mga simbahan. 	Limang kapilya na matatagpuan sa lugar at maaapektuhan ng Proyekto ang binayaran para sa kanilang paglipat. Ito ay karagdagan pa sa pagtatayo ng panibagong mga kapilya.	1

3.3. Pamamahala sa mga nababagong isyu sa karapatang pantao

Ang pangunahing pamamaraan sa pamamahala ng na mga isyu sa karapatang pantao ay ang *grievance mechanism* para sa mga komunidad at mga manggagawa. Ito ay magbibigay-daan sa Proyekto para maunaawan kung sapat at naayos ang mga pamamaraan sa pamamahala ng mga epekto sa karapatang pantao na natukoy ng HRIA. Magbibigay rin ito ng paraan kung papaano matutukoy ang mga bagong isyu na may kinalaman sa karapatang pantao.

Ang *grievance mechanism* ng *stakeholder* ay maaaring ma-access sa pamamagitan ng sulat, telepono, *online*⁷, personal na paglapit sa SMAI, o sa pamamagitan ng pamahalaang lokal. Ang proseso ng *grievance mechanism* ay iaakma upang pangasiwaan ang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng pagsasama ng mga elementong nakabalangkas sa ibaba:

- Hiwalay na internal na proseso para sa pagtugon sa mga pinakamatinding paratang at reklamo tungkol sa mga epekto sa karapatang pantao, karahasan, pang-aabuso, panliligalig, at karahasan na nakabatay sa kasarian.

⁷ <https://www.sanmiguel.com.ph/page/san-miguel-aerocity-inc>

- Isaad kung anong ang mga hakbang na gagawin kapag may naiulat na paglabag sa karapatang pantao.
- Magkaroon ng tiyak na mga hakbang sa pagtulong sa mga bulnerableng migrante at mga biktima ng abuso/pangagalakal ng tao.

Ang *grievance mechanism* ay pangangasiwaan at pamamahalaan ng mga tauhang eksperto sa paghawak ng mga karaingang sensitibo. Hindi layunin ng *grievance mechanism* na lutasin ang mga paglabag na may kaugnayan sa karapatang pantao na tungkulin ng mga awtoridad ng pamahalaan, subalit kung ganito man ang maging sitwasyon, ang prosesong ito ay mag-uugnay sa mga naagrabado sa naaangkop na NGO, organisasyon para sa karapatang pantao, o ahensyang na may kwalipikasyon na makatulong.

3.4. Paano ipapatupad ang mga mitigasyon?

Ang SMAI ay bumuo ng isang pahayag ng pagkakamit para sa mga karapatang pantao na nagtatatag ng pangako ng Proyekto sa mga karapatang pantao. Itinatakda nito kung paano ipapatupad ang pangakong ito sa lahat ng yugto ng Proyekto at isinama sa kontrata ng mga kontraktor. Ang pahayag ng pagkakamit para sa karapatang pantao ay sinusuportahan ng iba pang mga patakaran kabilang ang E&S, *Human Resources*, *Gender-Based Violence and Harrasment*, *Data Security*, at mga polisiya sa *recruitment at procurement*.

Isang plano sa pamamahala ng karapatang pantao ang kasalukuyang inilalatag upang direktang maipakita ang pagpapatupad ng mga pangako ng SMAI. Ito ay nagtatakda ng lahat ng mga plano sa pamamahala at mga prosesong pagsusuri kung saan pinangangasiwaan ang mga natukoy na epekto sa karapatang pantao at ang mga mekanismong ilalatag upang matukoy ang mga bagong isyu na makakaapekto sa karapatang pantao.

Sa pamamagitan ng pahayag ng pagkamit sa pagrespeto sa karapatang pantao, ang mga nauugnay na plano sa pamamahala ay regular na susubaybayan sa buong Proyekto. Ang pagsubaybay ay gagamit ng mga isyung nabanggit sa *grievance mechanism* mula sa manggagawa, komunidad, at pakikipag-ugnayan sa mga ng *stakeholder* upang matukoy kung saan nagkaroon ng mga epekto sa karapatang pantao.

Ang pagganap ng Proyekto sa pamamahala sa mga isyu sa karapatang pantao na natukoy sa unang HRIA ay susuriin batay sa mga layunin na itinakda sa iba't ibang mga *management plans*. Susuriin ang kakayahan ng Proyekto tukuyin ang mga bagong isyu tungkol sa karapatang pantao pati na rin ang mga hakbang sa pagtugon nito. Susuriin din kung hanggang saan napatupad ang mga nakaplanong aksyong nauugnay sa pagtataguyod ng karapatang pantao at kung paano nakamit ang mga layunin na natukoy. Ang SMAI ay nangangakong magbibigay ng paglutas sa mga epekto ng karapatang pantao na dulot ng Proyekto. Isa sa mga tauhan ng SMAI ay magiging responsable sa pagsusuri kung nagkaroon ng paglutas ang anumang kaso kung saan ang karapatang pantao ay naapektuhan ng Proyekto at para sa pagsasagawa ng anumang karagdagang hakbang na kinakailangan upang maresolba ang mga hinaing ng mga apektadong idibidwal.

Ang pagganap sa karapatang pantao ay ipapahayag taun-taon kasama ng iba pang mga ulat ukol sa kapaligiran at lipunan sa website ng SMAI at tatalakayin sa mga regular na pagpupulong at konsultasyon.

3.5. Pagtatapos

Ang HRIA NTS na ito ay patuloy na sumusuporta sa proseso ng pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder sa pamamagitan pagtukoy at pagsuri sa mga epekto sa karapatang pantao na dulot ng Proyekto, kasama ang angkop na mitigasyon upang mabawasan ang mga epekto nito. Ang dokumentong ito ay bahagi ng patuloy na proseso ng pagbubunyag ng impormasyon, konsultasyon, at pakikipag-ugnayan sa mga karapatang pantao na isasagawa ng Proyekto.

Ipinahiwatig ng pangunahing pagsusuri na mayroong ilang mga panganib sa pagtataguyod ng karapatang pantao sa Pilipinas at sa konteksto ng Proyekto. Natukoy ng pagtatasa na ang pinakamahalagang epekto sa karapatang pantao ng Proyekto ay maaaring nauugnay sa:

- Seguridad sa pagmamay-ari ng lupa at pagpapanatili ng kabuhayan ng mga taong naalis dahil sa Proyekto.
- Karapatan sa ligtas at makataong seguridad.
- Karapatan maka-access sa remedyo (sistema nang suporta kapag ang karapatang pantao at ang kalayaan ng tao ay nilabag).
- Karapatan sa kalayaan at seguridad sa mga pandaigdigang hangganan para sa mga biktima ng pangangalakal ng tao at iba pang mga detainees.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng epektibong mitigasyon, ang kalubhaan ng mga epekto ng Proyekto sa karapatang pantao ay mapapababa. Ang mga naaangkop na proseso sa pamamahala at pagsubaybay ay binubuo upang matiyak na ang mga epekto na natukoy sa yugtong ito at ang mga bagong isyu ay matugunan sa loob ng itinakdang panahon.

Ang lahat ng *stakeholder* ay magkakaroon ng access sa remedyo sa pamamagitan ng mga proseso sa pakikipag-ugnayan at mekanismo sa paglahad ng mga reklamo o ang tinatawag na *grievance mechanism*. Isasagawa ang patuloy na pagsusubaybay upang matukoy ang iba pang mga paglabag sa karapatang pantao.

4. Paano ko malalaman ang iba pang impormasyon ukol sa Proyekto?

Ang NTS na ito ay bahagi ng mas malawak pang mga dokumento ng HRIA at ESIA. Ang buong ESIA at ang buod nito ay nakalimbag sa <https://www.sanmiguel.com.ph/page/san-miguel-aerocity-inc.>

Ang website ng Proyekto ay: www.sanmiguel.aerocity.com

5. Paano ako makapagbibigay ng aking opinyon?

Maaari magkomento o makipag-ugnayan sa Community Liaison Officer (CLO) sa pamamagitan ng mga detalye sa ibaba. Kung may bagong impormasyon, ito ay isasama sa pinakabagong bersyon ng HRIA.

Ang mga hinaing at kahilingan ay maaaring isumite sa pamamagitan ng *grievance form* na makikita sa Appendix A. Puwede ito iparating sa CLO, o sa pagtawag sa telepono ng kumpanya:

Company: San Miguel Aerocity, Inc

Postal address: 40 San Miguel Avenue, Wack-Wack Greenhills, Mandaluyong City 1550

E-mail address: feedback@aerocity.sanmiguel.com.ph

Project website: sanmiguelaerocity.com

Telephone: +63 945 520 6604

Use of social media: Whatsapp using +63 945 520 6604

Ang mga impormasyon ukol sa Proyekto ay nakalahad sa *website* ng SMAI pati na rin ang mga detalye kung paanong makapagbibigay ng mga kumento o makapagsusulong ng mga hinaing.

Appendix A. Grievance registration form

Buong Pangalan	
Impormasyon sa Pagkontak Mangyaring tukuyin kung paano ninyo nais makontak (liham, telepono, e-mail)	Sa liham: Pakibigay ang detalye ng inyong tirahan: Sa telepono: Sa email:
Nais na wika ng komunikasyon?	Tagalog / Cebuano / English Iba pa (tukuyin) _____
Paglalarawan ng insidente, hinaing, o komento: (Anong nangyari? Saan ito naganap? Kanino ito nangyati? Ano ang naging ng problema?)	
Petsa ng insidente/hinaing:	
	Isang beses lamang nangyari (petsa _____) Nangyari ng higit sa isang beses (ilang beses? _____) Patuloy na nagyayari
Ano ang gusto mong mangyari upang matugunan ang problemang ito?	
Internal Use Only Grievance received by: Date: Reference number:	